



# **TO DARE BELIEVE**

**MID-YEAR PRAYER AND FASTING  
JULY 5-7, 2016**

**FILIPINO**





## BAKIT DAPAT MAG-AYUNO?

Tinatawagan ang lahat ng miyembro ng iglesya na sumali sa ating pagdarasal at pag-aayuno sa kalagitnaan ng taon. Tayo ay maglalaan ng panahon upang pag-isipan ang kabutihan at katapatan ng Diyos, habang patuloy Siyang pinaniniwalaan para sa iba pang dakilang mga bagay. Sama-sama tayong mangahas na maniwala sa Diyos!

### Tayo ay nag-aayuno dahil:

- Si Jesus ay nag-ayuno.
- Ang pag-aayuno ay isang pagpapakumbaba at paglalaan ng ating mga sarili sa Diyos.
- Ang pag-aayuno ay nakatutulong sa atin na mas maramdaman ang Banal na Espiritu.
- Ang pag-aayuno ay nagdadala ng panibago at malakas na pagkilos ng Diyos.
- Ang pag-aayuno ay mabuti para sa kalusugan.

*<sup>6</sup>Ang ayunong makapagpapalugod sa akin ay ang ayunong may kasamang matuwid na pag-uugali. Tigilan ninyo ang paggawa ng kasamaan, pairalin na ninyo ang katarungan, palayain ninyo ang mga inaalipin at ang inaapi ay inyong tulungan. <sup>7</sup>Bigyan ninyo ng pagkain ang mga nagugutom, patirahin ninyo sa inyong tahanan ang mga walang tahanan, bigyan ninyo ng damit ang mga walang damit, at tulungan ninyo ang inyong mga kaanak.*


ISAIAS 58:6-9

Ihanda ang pisikal na katawan at ang espiritu para sa pag-aayuno. Pumunta sa [victory.org.ph/fasting2016](http://victory.org.ph/fasting2016) para sa pag-aaral tungkol sa kahalagahan ng pag-aayuno, at sa mga praktikal na maaaring gawin para sa pananalangin at pag-aayuno.

# PINASASALAMATAN KO ANG **DIYOS** PARA SA . . .


Isulat ang mga magagandang nangyari, nasagot na mga panalangin, at mga aral na natutunan sa mga lumipas na araw ng 2016.

Pasalamatang Diyos sa Kanyang katapatan, pagtustos ng iyong mga pangangailangan, at kabutihan sa iyong buhay.



## PAGHAHANDA PARA SA PAG-AAYUNO

Isulat ang mga idinadalangin mo sa Diyos bago magsimula ang pag-aayuno. Ano ang pinaniniwalaan mong gagawin Niya para sa iyo? Bakit mo piniling ilaan ang mga susunod na tatlong araw para sa pananalangin at pag-aayuno?





## PANAMPALATAYA NA MAKAPAGHAYAG

*Pero sumagot ang kapitan, “Panginoon, hindi po ako karapat-dapat na puntahan n’yo ang tahanan ko. Sabihin n’yo na lang na gumaling siya, at gagaling na ang aking utusan.”*

MATEO 8:8

### BASAHI

**Mateo 8:5-13 • Mateo 17:19,20**

**Marcos 11:22-24 • 2 Corinto 4:13,14**

*Si Jesus ang may pinakadakilang kapangyarihan sa langit at lupa.*

Ang kapitan ay isang taong may mataas na posisyon sa lipunan; ang lahat ng kanyang sinasabi ay humihingi ng ganap na pagsunod mula sa mga sundalo na kanyang pinamumunuan at mula sa mga naninilbihan sa kanyang tahanan. Naiintindihan niya na ang isang salita ay nagiging utos kapag ang nagbigkas nito ay may kapangyarihan.

Nang makilala ng kapitan si Jesus, alam niyang makikipagkita siya sa isang mayroong dakilang kapangyarihan. Ganap niyang naunawaan na si Jesus ay kayang mag-utos at ito ay masusunod. Ito ang nagbigay sa kanya ng katapangan na magsalita gaya ng kanyang ginawa at maniwala na si Jesus ay may kakayahang magpagaling sa pamamagitan lamang ng Kanyang salita gaya ng pagpapagaling na ginagawa Niya sa pamamagitan ng paghipo.

Ngayon, Si Jesus pa din ang may pinakadakilang kapangyarihan sa langit at lupa. At tayo, bilang Kanyang mga disipulo, ay maaaring magsalita ng may panampalataya at kapangyarihan sa Kanyang pangalan. Ang ganap na pag-unawa sa kapangyarihan ng Kanyang Salita ay magbibigay sa atin ng kakayahan na maging mapangahas sa ating panampalataya—upang makita ang paggalaw ng Diyos, kumilos ng may panampalataya, makita ang pagbabago ng mga puso, at makaranas ng mga himala.

## PAG-ISIPAN

1. Ayon sa 2 Corinto 4:13,14, bakit nagagawa nating magsalita nang puno ng pananampalataya?

---

---

---

2. Basahin ang Mateo 17:19,20. Ano ang itinuturo nito sa iyo tungkol sa panalangin at pananampalataya?

---

---

---

## TUMUGON

1. Ano ang sitwasyon sa iyong buhay, kung saan kailangan mong magsalita ng may pananampalataya? Paano mo maisasabuhay ang katotohanan ng Salita ng Diyos sa sitwasyon mo ngayon?

---

---

---

2. Isulat ang tatlong mapangahas na panalangin na ipinapanalangin mo para sa natitirang bahagi ng taon. Ibahagi ito sa iyong *Victory group* upang maihayag ninyo ang Salita ng Diyos sa inyong mga sitwasyon.

---

---

---



## PANANAMPALATAYA NA LUMABAN

<sup>20</sup>*Ganoon din ang ginawa ng ibang grupo. At habang hawak nila ang ilaw sa kaliwang kamay at ang trumpeta sa kanang kamay, sumisigaw sila, "Lumaban tayo para sa Panginoon at kay Gideon!"*  
<sup>21</sup>*Ang bawat isa ay pumuwesto sa kanya-kanyang lugar sa palibot ng kampo, pero ang mga kalaban nila ay nagsisigaw na nagsitakas.*

MGA HUKOM 7:20,21

### BASAHIIN

Exodus 14:14 • Mga Hukom 6-7 • 1 Timoteo 1:18,19; 6:11,12

*Si Gideon at ang kanyang hukbo ay nagtiwala sa Diyos para sa kanilang tagumpay.*

Si Gideon ay isang mahiyaing bata nang siya'y tawagin ng tagapagbalita ng Panginoon upang iligtas ang Israel mula sa kalupitan ng mga Midianita. Sinabi ni Gideon sa Panginoon na siya'y hindi handa at hindi karapat-dapat para sa tungkuling ito, subalit pinagtibay lamang ng Panginoon ang Kanyang pagtawag kay Gideon. Nang oras na iyon, natanggap ni Gideon ang pananampalataya na lumaban at pagtagumpayan ang kanilang mga kalaban.

Hinarap din ni Gideon ang mga pagtutol ng kanyang mga kamag-anak at ng komunidad. Kinailangan niyang sirain ang mga altar na inilaan kay Baal at ang poste ng diyosang si Ashera. Ang pagsira sa mga altar ng mga diyos-diyosan ay nangangailangan ng mapangahas na pananampalataya.

Ang Espiritu ng Diyos ay dumapo kay Gideon, at pinatunog niya ang trumpeta bilang hudyat ng pakikipaglaban. Mula sa 23,000, pinababa ng Diyos ang bilang ng hukbo ni Gideon sa 300, bitbit lamang ang mga gamit gaya ng luad na palayok, tanglaw, at mga trumpeta. Hinarap nila ang 135,000 na mga lalaking armado ng espada. Si Gideon at ang kanyang hukbo ay nagtiwala sa Diyos para sa kanilang tagumpay.

Kung tayo, bilang mga mananampalataya, ay makikinig at susunod sa tawag ng Diyos, maaari tayong magtiwala na bibigyan din Niya tayo ng kalakasan upang lumaban. Higit pa rito, alam natin na ibinigay na Niya sa atin ang tagumpay na maaari lamang nating matanggap sa pamamagitan ng ginawa ni Cristo sa krus.



## PAG-ISIPAN

1. Paano inilarawan ng 1 Timoteo 6:12 ang pananampalataya? Sa iyong palagay, bakit ito ang paglalarawan na ginamit ni Pablo? Ano ang dapat nating panghawakan?

---

---

---

2. Ano ang pangakong makikita sa Exodus 14:14? Ano ang dapat nating gawin ayon sa bersong ito? Paano nito binabago ang iyong pananaw tungkol sa mga laban na kinakaharap mo sa kasalukuyan?

---

---

---

## TUMUGON

1. Ano ang ilan sa mga laban na kinakaharap mo ngayon? Nagtitiwala ka ba na ibibigay ng Diyos sa iyo ang tagumpay? Ano ang dapat mong gawin upang sundin ang Diyos sa sitwasyong ito? Ihayag ang Salita ng Diyos sa bahaging ito ng iyong buhay ngayon.

---

---

---

2. Ipanalangin kung sino ang maaari mong mabigyan ng lakas ng loob upang patuloy na magtiyaga. Isulat ang panalangin mo para sa kanya. Pagkatapos, gumawa ng desisyon kung paano mo siya matutulungan na maging matapat sa Diyos, patuloy na lumaban ng may pananampalataya, at matiyagang maghintay para sa katuparan ng mga ipinangako ng Diyos sa kanya.

---

---

---



## PANANAMPALATAYA NA MAGTAGUMPAY

*Dahil sa pananampalataya, gumuho ang mga pader ng Jerico matapos itong ikutan ng mga Israelita sa loob ng pitong araw.*

MGA HEBREO 11:30

### BASAHI

Josue 5:13-6:20 • Juan 16:33

Mga Hebreo 11:30-34 • 1 Juan 5:3-5

*Ang pananampalataya na mapagtagumpayan ang mga pagsubok ay nangangailangan ng pag-alam at pagsunod sa mga tagubilin ng Diyos.*

Matapos tawirin ng mga Israelita ang Ilog Jordan, naghanda sila upang sakupin ang lupang ipinangako, simula sa bayan ng Jerico. Ang Jerico ang namamahala sa daan paakyat sa mga bundok ng Canaan. Ito ay may matatag na dobleng pader na tinatayang may 365 metro at 183 metro na laki at may tinatayang 20 metro na taas. Kung magagawa ng mga Israelita na makuha ang mga bayan ng Jerico at Ai, makukuha nila ang tuktok ng bayan sa bundok at magbibigay sa kanila ng magandang posisyon upang makita ang mga natitirang lupain ng Canaan.

Ipinakita ng Diyos kay Josue ang plano kung paano matatalo ang Jerico. Ang mga armadong lalaki ay nagmartsa paikot sa Jerico isang beses sa isang araw, sa loob ng anim na araw. Ang mga pari ay bitbit ang arko at nagpatunog ng trumpeta, habang tahimik naman ang mga sundalo. Sa ikapitong araw, ang buong kapulungan ay nagmartsa paikot sa Jerico ng pitong beses. Sa utos ni Josue, ang mga lalaki ay sumigaw ng buong lakas, at ang pader ay gumuho! Ang Israelitang hukbo ay agad na pumasok at sinakop ang bayan. Tanging si Rahab at ang kanyang pamilya lamang ang nakaligtas.

Sa kuwentong ito, ating matututunan na ang pananampalataya na mapagtagumpayan ang anumang ating kinakaharap ay nangangailangan ng pagkilala at pagsunod sa mga tagubilin ng Diyos. Dapat nating marinig ang Diyos at magawa ang anumang sabihin Niya, kahit pa ito ay tila naiiba at wala sa katuwiran. Bakit? Dahil ang ating Diyos ay mapaghimala, dakila, nakaalam ng lahat ng bagay, at lubos na makapangyarihan.

## PAG-ISIPAN

1. Paano binigyan ni Jesus ng lakas ng loob ang Kanyang mga disipulo sa Juan 16:33? Sa iyong palagay, paano ito magiging totoo sa iyong buhay ngayon?

---

---

---

2. Ayon sa 1 Juan 5:3-5, may kasiguraduhan ba ang ating tagumpay? Bakit?

---

---

---

## TUMUGON

1. Mayroon bang ipinapagawa ngayon sa iyo ang Diyos upang mapagtagumpayan mo ang isang sitwasyon sa iyong buhay? Ano ang gagawin mo tungkol dito simula ngayong linggo? Ipanalangin ang pananampalataya upang sumunod, magtiyaga, at magtagumpay sa bagay na ito.

---

---

---

2. Ano ang maaari mong gawin upang mas makinig sa Diyos araw-araw, sa bawat sitwasyon sa iyong buhay?

---

---

---

PATULOY AKONG **MANGANGAHAS NA  
MANIWALA SA DIYOS**

AT PANGAHAS AKONG MANINIWALA PARA SA  
**AKING MGA KAPAMILYA AT KAIBIGAN!**

**PARA SA AKING SARILI**


Espirituwal na Paglago • Pisikal na Paggaling • Pantustos sa mga  
Pangangailangan • Pagiging Labis na Mapagbigay

**PARA SA AKING TRABAHO/PAG-AARAL**

Karunungan • Kahusayan • Kaunlaran


## PARA SA AKING PAMILYA

Kaligtasan ng Lahat ng Kasambahay • Pagsasaayos ng mga Relasyon •  
Pisikal na Paggaling




## PARA SA AKING MGA KAIBIGAN

Mga Himala • Mga Bagong Pagkakataon para sa Pamumuno at Paglilingkod •  
Proteksyon • Pantustos sa mga Pangangailangan



## PARA SA AKING PAGLILINGKOD

Paglago ng *Victory Group* • Kaligtasan • Mga Pambihirang Tagumpay



*Ang pananampalataya ay ang katiyakan na matatanggap natin ang mga bagay na inaasahan natin. At ito ay ang pagiging sigurado sa mga bagay na hindi natin nakikita.*

MGA HEBREO 11:1

# TALAN

**DAY**  
**1**

**Fasting Options**

*Water only*

*Liquid only*

*One meal only*

*Others:* \_\_\_\_\_

*Prayer meeting na dadaluhan:*

---

**DAY**  
**2**

**Fasting Options**

*Water only*

*Liquid only*

*One meal only*

*Others:* \_\_\_\_\_

*Prayer meeting na dadaluhan:*

---

**DAY**  
**3**

**Fasting Options**

*Water only*

*Liquid only*

*One meal only*

*Others:* \_\_\_\_\_

*Prayer meeting na dadaluhan:*

---



**VICTORY**

© 2016 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica®  
Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®  
Reserbado ang lahat ng pag-aari.



“... Sinasabi ko sa inyo ang totoo,  
kung may pananampalataya kayo na kahit kasinlaki lang  
ng buto ng mustasa, masasabi ninyo sa bundok na ito,  
‘Lumipat ka roon!’ at lilipat nga ito.  
Walang bagay na hindi ninyo magagawa.”

**MATEO 17:20**



victory.org.ph



victoryph



daretobelieve2016